Gumawa ng Origami na Kuneho

Hakbang 1

Itupi sa kalahati ang parisukat na piraso ng papel para gumawa ng tatsulok.

Hakbang 2

Itupi nang pataas ang ibaba ng tatsulok katulad ng nasa larawan.



Hakbang 3

Itupi ang 2 kanto sa ibaba patungo sa kanto na nasa itaas.



Hakbang 4

Baligtarin ang papel.
Itupi nang pabalik ang kanto na nasa itaas at ipasok ito sa ilalim.



Hakbang 5

Baligtarin muli ang papel.
Itupi ang kanto sa ibaba para makatayo ang papel na kuneho.



Hakbang 6

Iguhit ang mga mata, ilong, bibig at bigote sa harapan. Kulayan ang mga tainga.



Maglaro Tayo

- Gumawa ng kuwento. Iarte ang iyong kuwento gamit ang iyong papel na kuneho.
- Anong alagang hayop ang gusto mong magkaroon? Ipakilala sa iba ang iyong alagang hayop. Magkunwari na ang alagang hayop na iyon ay ang iyong papel na kuneho—pwede ring kabayo o kangaroo.
- Gumawa ng dula gamit ang lahat ng papel na "alagang hayop."
- Paano gagalaw ang bawat alagang hayop? Anong tunog ang gagawin ng bawat alagang hayop? Masarap bang yakapin ang mga ito? Mabangis ba ang mga ito? Iarte ang dula.

Ano Ang Kakailangain Mo:

Parisukat na piraso ng papel para sa bawat tao.

May kulay na mga marker o mga lapis.



Bagong Salita:

Ang **origami** ay ang Japanese art ng pagtupi sa papel para gumawa ng isang bagay.

Higit Pang Origami:

Tumingin online upang maghanap ng iba pang magagawang mga origami na hayop.

Subukang magtupi ng papel na eroplano. Subukan ito. Gaano kalayo ang maililipad ng papel na eroplano? Bilangin ang mga hakbang ng iyong paa, o kaya ay gumamit ng tape measure.